Sa lahat ng mga dayuhang nakatira sa Aichi Prefecture

# Aichi Foreign Entrepreneur & Management Support Center

**Libreng konsultasyon**

Tanggapan ng konsultasyon tungkol sa pagsisimula / pagtatatag ng negosyo at pamamahala ng negosyo para sa mga dayuhan



- Gusto kong magpalit ng status of residence para magsimula ng negosyo
- Gusto kong magbalangkas ng kongkretong plano ng negosyo
- Gusto kong magpaturo tungkol sa mga proseso kapag magtatatag ang dayuhan ng kumpanya sa Japan
- Gusto kong magpaturo tungkol sa accounting / buwis at social insurance

■Taong sakop: **Mga dayuhang nakatira sa Aichi Prefecture, mga dayuhang nagbabalak magtatag ng negosyo sa Aichi Prefecture**

■Nilalaman: **Konsultasyon kaugnay sa pagsisimula / pagtatatag ng negosyo at pamamahala ng negosyo**

◇Status of residence ◇Pagtatatag ng kumpanya ◇Proseso para sa mga permit
◇Pagbalangkas ng plano ng negosyo ◇Plano para sa puhunan ◇Paglilinang ng market
◇Public relations / Promotion ◇Accounting / Buwis ◇Social insurance / Pangangasiwa sa mga manggagawa
◇Kasanayan sa pangangalakal ◇Pagpapabuti ng pamamahala ◇Pagmamana ng negosyo ◇Paggamit ng IT
◇Batas tungkol sa pamamahala ◇Mga kaugalian sa negosyo sa Japan

*Ang serbisyo ng konsultasyon na ito ay pagkonsulta para sa pagbibigay ng payo, impormasyon atbp. sa taong gumamit.
*Hindi kami nagsisilbing ahente para sa paghahanda ng mga dokumento, pagsusumite ng iba't ibang notipikasyon o rehistro atbp., o para sa pagpapakilala ng kasosyo sa negosyo at iba pa.
*Hindi kami tumutugon sa konsultasyon kaugnay sa araw-araw na pamumuhay.

■Mga Tagapayo: **Iba't ibang eksperto** *Mga Certified Administrative Procedures Legal Specialist, Small and Medium Enterprise Management Consultant, Certified Public Tax Accountant, lawyer, International Business Adviser at iba pa



■Interpreter: Magtatalaga kami ng interpreter kung kinakailangan.

■Bayad sa konsultasyon: Libre (Oras ng konsultasyon: mga 1-2 oras)

■Araw ng konsultasyon: [Kailangang kumuha ng appointment] Lunes - Biyernes 9:00 am - 5:30 pm
(liban sa pambansang pista opisyal, katapusan at simula ng taon)

## 1 Paraan ng Pag-apply

English / Japanese

Telepono **052-563-1435**

**Martes / Biyernes 1:00 - 5:00 pm**
(liban sa pista opisyal, katapusan at simula ng taon)

Mangyaring ipabatid ang impormasyong nakasulat sa ibaba

1. Pangalan 2. Nasyonalidad
3. Ginagamit na wika 4. Status of residence
5. Cellphone number 6. Email address
7. Nilalaman ng konsultasyon
(Mangyaring ipaalam nang kongkreto hangga't maaari)

**WEB Form**

- Japanese https://www.aibsc.jp/support/17353/
- English https://www.aibsc.jp/support/17354/
- Chinese https://www.aibsc.jp/support/17355/
- Portuguese https://www.aibsc.jp/support/17356/
- Vietnamese https://www.aibsc.jp/support/36443/
- Filipino https://www.aibsc.jp/support/36685/

Mangyaring isulat at ipadala ang impormasyong nakasulat sa ibaba

## 2 Pag-aayos ng Schedule

Makikipag-ugnayan sa inyo ang center sa telepono o email para itakda ang araw at oras ng konsultasyon.
*Maaaring kumpirmahin namin ang mga detalye ng nilalaman ng konsultasyon para makapili ng naaangkop na eksperto.

## 3 Konsultasyon

Mangyaring magtungo sa center. Tutugon ang eksperto sa inyong konsultasyon.
*Magtatalaga ang center ng interpreter kung kinakailangan.
(Sa oras ng konsultasyon, maaari ring tumugon sa ibang wika bukod sa English, Chinese, Portuguese, Vietnamese at Filipino.)


Aichi Foreign Entrepreneur & Management Support Center

Nagsasagawang Organisasyon: Aichi Industry Promotion Organization 公益財団法人 あいち産業振興機構 Aichi Industry Promotion Organization

WINC AICHI 14th floor
4-4-38 Meieki, Nakamura-ku, Nagoya 450-0002

## Status of Residence

◆Kailangan daw ng status of residence na "Business Manager" para magsimula ng negosyo. Ano ang mga kondisyon para roon?

◆Nagtatrabaho ako sa kasalukuyan bilang empleyadong may status of residence na "Engineer / Specialist in Humanities / International Services," maaari bang magsimula ng negosyo sa ganitong kalagayan?

## Pagtatatag ng Kumpanya

◆Gusto kong magpaturo tungkol sa mga proseso para magtatag ng kumpanya.

◆Sa proseso ng pagtatatag ng kumpanya at pagkuha ng status of residence na "Business Manager," alin ang dapat unahin?

## Proseso para sa mga Permit

◆Gusto kong magpaturo tungkol sa mga kinakailangang permit at proseso para magbukas ng restawran.

◆Gusto kong malaman ang proseso para sa mga kinakailangang permit kapag magsisimula ng sariling negosyo sa industriya ng konstruksyon.

## Pagbalangkas ng Plano ng Negosyo

◆Gusto kong magsimula ng business kung saan magagamit ang aking dalubhasang kaalaman, pero hindi ko alam kung paano gumawa ng plano ng negosyo.

◆Gusto kong gumawa ng kongkretong plano ng negosyo para makatanggap ng pautang ng pondo mula sa pinansyal na institusyon.

# Madalas na Nilalaman ng Konsultasyon



## Accounting / Buwis

◆Gusto kong magpaturo tungkol sa pagkakaiba ng pagproseso ng accounting / buwis kung sole proprietor at kung kumpanya.

## Pagpapabuti ng Pamamahala

◆Gusto kong pabutihin ang profit structure dahil may pagkalugi sa negosyo ng pangangalakal.

◆Gusto kong mag-isip ng hakbang para maiangat ang sales ng tindahang nagtitinda ng pagkain ng aking bansa.

## Social Insurance / Pangangasiwa sa mga Manggagawa

◆Ano ang mangyayari sa social insurance kung umalis ako sa kumpanya at magsimula ng negosyo?

◆Ano ang dapat pag-ingatan kapag kukuha ng empleyado / part-time worker (arubaito)?

## Paggamit ng IT

◆Anong paghahanda ang dapat gawin kapag magtitinda online?

◆Ano ang dapat gawin para maka-attract ng mga kostumer gamit ang social media?

## Kasanayan sa Pangangalakal

◆Gusto kong magpaturo tungkol sa kinakailangang proseso kapag mag-iimport ng pagkain mula sa aking bansa at magtitinda nito sa Japan.

◆Ano ang dapat pag-ingatan kapag mag-eexport ng used car?

# Mga Madalas na Itanong (FAQ)



### Q1 Libre ba ang lahat ng konsultasyon?

Libre ito. Libre kahit kung kailangan ng interpreter. Subalit pagkonsulta ang serbisyong ito na nagbibigay ng payo, impormasyon atbp., at hindi kami nagsisilbi bilang ahente sa paghahanda ng mga dokumento, pagsusumite ng iba't ibang notipikasyon o rehistro, o nagpapakilala ng kasosyo sa negosyo at iba pa.

### Q2 Maaari bang kumonsulta nang kahit ilang beses?

Maaaring kumonsulta nang kahit ilang beses. Para sa pagsisimula ng negosyo, maaaring kailanganin ang konsultasyon sa kinauukulang eksperto sa status of residence, pagbalangkas ng plano ng negosyo, accounting / buwis at iba pa. Mangyaring gamitin nang kahit ilang beses ayon sa inyong pangangailangan. (Subalit maaaring limitahan kung ilang beses ayon sa karamihan ng mga konsultasyon.)

### Q3 Makakatugon din ba sa konsultasyon sa ibang wika?

Sa kasalukuyan, Japanese at English lamang ang pagtanggap sa telepono, at Japanese, English, Chinese, Portuguese, Vietnamese at Filipino lamang ang pagtanggap sa WEB form, ngunit sa pagtugon sa konsultasyon, maaari ring magtalaga ng interpreter sa ibang wika. Mangyaring magtanong tungkol sa mga detalye.

### Q4 Maaari bang kumonsulta online?

Maaari rin ang konsultasyon online sa pamamagitan ng Zoom. Kung nais nito, mangyaring ikonsulta sa oras ng pag-apply.

### Q5 Maaari bang walang ekspertong makakatugon?

Kung hindi makakapagtalaga ng naaangkop na eksperto ayon sa nilalaman ng konsultasyon, magbibigay kami ng impormasyon hangga't maaari sa paraan tulad ng pagpapakilala ng ibang pansuportang organisasyon, at iba pa.

*Tungkol sa pagkansela ng appointment | Mangyaring iwasan ang pagkansela nang walang abiso. Kapag nagpatuloy ang pagkansela nang walang abiso, maaaring tanggihan ang pagkuha ng appointment mula sa susunod. Kung sakaling mahuhuli sa oras o ikakansela ang appointment, mangyaring makipag-ugnayan sa mapagtatanungang nakasulat sa ibaba sa lalong madaling panahon.

〈Mapagtatanungan〉
Aichi Foreign Entrepreneur & Management Support Center

Nagsasagawang Organisasyon **Aichi Industry Promotion Organization**

Tel: 052-563-1435 [English / Japanese]
Martes / Biyernes 1:00 p.m. to 5:00 p.m.
(liban sa pista opisyal, katapusan at simula ng taon)

052-715-3075 [Japanese] Lunes - Biyernes 9:00 a.m. to 5:00 p.m.
(liban sa pista opisyal, katapusan at simula ng taon)

Email: afemsc@aibsc.jp
[Japanese, English, Chinese, Portuguese, Vietnamese, Filipino]

WINC AICHI 14th floor
4-4-38 Meieki, Nakamura-ku, Nagoya 450-0002

